FIL

# MONKEY PALACE
# PANUNTUNAN




## ANG LAYUNIN NG MONKEY PALACE

Sa larong Monkey Palace, kayo ay nakikipagkumpitensya upang bumuo ng pinakamahusay na mga hagdanan para sa Monkey Palace. Ang layunin ng laro ay makakuha ng pinkamaraming Banana Points 🍌.

Kung mas mataas ang hagdanang itinayo mo at mas maraming arkong ginagamit sa iyong hagdanan, mas maraming building bricks, at higit sa lahat, mas maraming Banana Points 🍌 ang iyong makukuha.

Ang laro ay nagtatapos kapag wala nang natitirang building bricks.



# LISTAHAN NG NILALAMAN

### MGA BUILDING BRICKS

80 na mga arko



20 x 6441766 · 20 x 4550323 · 20 x 6310832 · 20 x 6177697

80 na mga bricks



20 x 6254484 · 20 x 4113915 · 20 x 6001824 · 20 x 4211242

16 na mga poste



4 x 6397875 · 4 x 6057517 · 4 x 6310988 · 4 x 6177699

### MGA DECORATION BRICKS

32 bamboo leaves &
16 gintong bricks



16 x 6175572 · 16 x 6270003 · 16 x 6060800

### MGA HAYOP

1 monkey



1 x 6343797

1 butterfly



1 x 6370534

1 frog



1 x 6395622


### IBA PANG MGA BRICKS

4 corner bricks



4 x 4125281

1 base plate



1 x 11023

### MGA CARDS

67 Monkey Cards



14 Bonus Cards



3 Trophy Cards




### IBA PANG MGA COMPONENTS


4 Player Boards



1 Brick Tray



2 sheets na may 4 Ground Maps (1-4)




I-scan ang QR code upang panoorin ang **rules video** at upang hanapin ang mga panuntunan sa iba pang mga wika:

dottedgames.com/monkeypalace









# PAANO I-SET UP ANG LARO


1. Ilagay ang mga **building bricks** sa mga kaukulang compartment ng **Brick Tray**.




2. Ilagay ang apat na **corner bricks** sa base plate tulad ng ipinapakita rito.



3. Pumili ng isa sa mga **Ground Maps** at ilagay ito sa base plate. Para sa iyong unang laro, inirerekomenda namin ang paggamit ang Ground Map 1 (tingnan ang numero sa sulok).



4. Ilagay **ang isang brick at dalawang arko** ng anumang kulay sa puting markadong lugar sa ibabaw ng Ground Map. Ilagay ang **gintong Decoration Brick** sa dulo ng hagdanan.



5. Ilagay ang **Decoration Bricks** sa mesa o magtayo ng gubat gamit ang mga ito sa paligid ng Ground Map; gawin hanggang sa kailanganin na ang mga Decoration Bricks para sa laro.

6. Ilagay ang mga **dilaw na Bonus Card** sa isang tumpok.

7. Ilagay ang **Monkey** sa **Monkey Trophy Card.**


8. Ang **Butterfly** at ang **Frog** ay mga micro expansions na nagdaragdag ng kasiyahan at pagkakaiba-iba. Iminumungkahi namin na maglaro ka ng ilang beses bago ninyo sila isama sa laro. Kung pipiliin ninyong maglaro gamit ang isa o pareho sa kanila, ilagay ang Butterfly sa **Butterfly Trophy Card** at ang Frog sa **Frog Trophy Card**.

9. Sa kaliwang itaas na sulok ng **Monkey Cards** makikita mo ang kanilang halaga (Monkey Credits). Ayusin ang mga Monkey Cards ayon sa halaga at kulay **tulad ng ipinapakita sa larawan sa itaas**.



Ilagay ang mga multicolored na Monkey Cards na may halagang **1 at 2 Monkey Credits** sa dalawang tumpok. Ilagay ang Monkey Card na may halagang **3, 4 at 5 Monkey Credits** (tatlong halaga sa bawat kulay - light green, dark green at ginto) sa siyam na tumpok. Ilagay ang mga multi colored na Monkey Cards na may halagang **6 Monkey Credits** sa isang tumpok.

10. Ang manlalaro na huling kumain ng saging ay kukuha ng **Player Board 1** kasama ang mga building bricks na ipinapakita sa **likod ng Player Board**. Maaari kang pumili ng building bricks na may iba't ibang kulay o parehong kulay.



*Harap* · *Likod*

I-flip ang player board sa **harap** at ilagay ito sa harap mo.

Paikot ng clockwise, kukunin ng susunod na manlalaro ang Player Board 2 at ang mga building bricks na ipinapakita sa likod at i-flip ang kanilang Player Board, at gagawin din nila Manlalaro 3 at 4.

**Ngayon, tapos na kayo sa setup!**

# BUOD NG ISANG TURN

Ang laro ay nahahati sa mga rounds, at sa bawat round ang bawat manlalaro ay may isang turn. Sa iyong turn, kailangan mong sundin ang mga hakbang sa ibaba. Ang bawat hakbang ay ipinapaliwanag nang detalyado sa mga sumusunod na pahina.

## 1 MAGTAYO NG ISANG HAGDANAN

Gamitin ang iyong mga building bricks upang magtayo ng isang hagdan para sa Monkey Palace. Pansinin ang kulay ng lupa sa starting point ng iyong hagdanan.




## 2 PAGANDAHIN ANG IYONG HAGDANAN

Sa dulo ng iyong hagdanan, ilagay ang isang Decoration Brick na tumutugma sa kulay ng starting point.



## 3 BILANGIN ANG MONKEY CREDITS

Bilangin ang bilang ng mga arko na inilagay mo sa iyong hagdan. Makakakuha ka ng Monkey Credits na katumbas ng bilang ng mga arko. Magdagdag ng isang Monkey Credit kung ang iyong Decoration Brick sa iyong hagdan ay ang pinakamataas sa kulay na iyon.



## 4 KUMUHA NG MONKEY CARDS

Gastusin ang iyong Monkey Credits upang kunin ang Monkey Cards na may parehong kulay ng iyong Decoration Brick. Ang Monkey Cards ay nagbibigay sa iyo ng building bricks at Banana Points.




## 5 KUMUHA NG ONE-TIME DELIVERY

Kumuha ng One-time Delivery ng building bricks.



## 6 KUMUHA NG RECURRING DELIVERY

I-flip ang Monkey Cards sa Monkey Side at ilagay ang mga ito sa iyong Player Board. Kunin ang Recurring Delivery ng building bricks.



## 7 KUMUHA NG BONUS CARD

Kung ang bahagi ng iyong ginawang hagdanan ay may taas na hindi bababa sa limang bricks, kunin ang Bonus Card.



## 8 KUMUHA NG TROPHY CARDS


Kung na-trigger mo ang anumang Trophy Cards sa iyong turn, kunin ang Trophy Card(s).




**Tapos na ang iyong turn. Ang manlalaro sa iyong kaliwa ang susunod na titira.**

## 1 MAGTAYO NG ISANG HAGDANAN

Ang isang hagdanan ay binubuo ng **isa o higit pang mga arko**, at sa maraming pagkakataon ay sumusuporta sa mga brick at mga poste. Ang mga arko ay bumubuo ng mga hakbang sa pataas na hagdanan. Ang isang hagdanan ay dapat gumawa ng isang **direktang landas** mula sa Ground Map, kaya ang isang hagdanan ay may **starting point** at **dulo**.




Sa hagdanan na iyong itatayo, **ang bawat arko na iyong ilalagay ay dapat na mas mataas** kaysa sa nauna, at gumawa ng isang direktang landas patungo sa itaas na may pataas na mga hakbang.



✔ *Hagdanan na may pataas na mga hakbang*



✖ *Hindi isang hagdanan - may mga hakbang na hindi pataas*

Maaaring gamitin **ang mga bricks at mga poste** para suportahan o pahabain ang hagdanan.



Maaari mong gamitin **ang ilanman sa iyong mga building bricks** upang bumuo ng isang hagdanan. Hindi mahalaga ang kulay ng mga building bricks. Anumang building bricks na hindi mo ginamit sa turn na ito ay maaaring itabi para sa mga susunod na turns.

*Halimbawa: Sa unang turn ni Manlalaro 1, maaari siyang magtayo ng hagdanan gamit ang kanilang dalawang arko.*



*Halimbawa: Sa unang turn ni Manlalaro 2, maaari siyang magtayo ng hagdanan gamit ang kanilang dalawang arko at isang brick.*



## PANUNTUNAN SA PAGBUO


### A. STARTING POINT

Ang isang hagdanan ay **dapat** magsimula sa isang bukas na knob sa Ground Map.



### B. PANIMULANG BRICK

Ang isang hagdanan ay maaaring magsimula sa anumang building brick.



### C. DULONG BRICK

Ang isang hagdanan ay **dapat** magtapos sa isang arko.




### D. MAGTAYO SA ANUMANG BRICKS

Maaari kang magtayo sa anumang brick na may bukas na knob, **kabilang ang mga Decoration Bricks**.




Ngunit hindi ka maaaring magtayo sa **dalawang gitnang knobs** ng mga arko.



### E. IKABIT ANG HAGDANAN


Ang isang hagdanan ay **dapat** na nakakabit sa kahit isa sa mga bricks na nasa Ground Map.



Bihirang mangyari na ang isang manlalaro ay hindi makakakabit ng kanilang hagdanan sa Ground Map. Sa ganitong pagkakataon, kukuha ang manlalaro ng kanilang Recurring Delivery ng mga building bricks at maghihintay hanggang sa susunod na round.

### F. SUPORTAHAN ANG HAGDANAN

Ang bawat building brick sa iyong hagdanan ay dapat na ganap na suportado.




### G. BAWAL ANG ARKO SA ARKO

Hindi ka maaaring maglagay ng arko nang direkta sa ibabaw ng isa pang arko.



### H. DIREKSYON


Ang isang hagdanan ay maaaring lumiko ng 90 degrees.



### I. GAMITIN LAMANG ANG MGA ARKO BILANG DIREKTANG HAKBANG

Ang isang hagdanan ay dapat gumawa ng isang direktang landas mula sa Ground Map hanggang sa Decoration Brick. Ang bawat arko na iyong ilalagay ay dapat na isang direktang hakbang patungo sa dulo ng iyong hagdanan.

Samakatuwid, ang isang manlalaro ay hindi maaaring maglagay ng mga arko bilang suporta sa mga brick na sumasanga mula sa direktang landas.



**PAYO:** *Maaari mong iikot ang game board upang tingnan mula sa iba't ibang anggulo, at maaari kang magsimulang muli kung napagtanto mo na may mas magandang lugar na pagtatayuan sa Ground Map.*






## 2 PAGANDAHIN ANG IYONG HAGDANAN

Kapag nagawa mo na ang iyong hagdanan, dapat mong idagdag ang Decoration Brick na naaayon sa kulay ng starting point ng iyong hagdanan.

Ipatong ang Decoration Brick sa dulo ng iyong hagdanan.




## 3 BILANGIN ANG MONKEY CREDITS

Bilangin ang bilang ng mga arko sa iyong hagdanan. Makakakuha ka ng **1 Monkey Credit para sa bawat arkong inilagay** mo sa hagdanan na kakagawa mo lang. Kung ang Decoration Brick sa hagdanang kakagawa mo lang ay kasalukuyang **ang pinakamataas sa kulay na iyon**, makakakuha ka ng **1 karagdagang Monkey Credit**.




*Nagtayo si Manlalaro 1 ng hagdanang may 3 arko (3 Monkey Credits) at inilagay ang pinakamataas na light green na Decoration Brick (1 Monkey Credit). Makakakuha si Manlalaro 1 ng kabuuang 4 Monkey Credits.*

## 4 KUMUHA NG MONKEY CARDS

Gastusin ang iyong Monkey Credits para makakuha ng Monkey Card(s). Ang mga Monkey Card na kukunin mo ay **dapat tumugma sa kulay ng Decoration Brick** sa dulo ng hagdanan na kakagawa mo lang.




Gayunpaman, maaari kang kumuha ng **multicolored cards** kahit ano pa ang kulay ng Decoration Brick sa iyong hagdanan.





Maaari kang kumuha ng **isa o higit pang Monkey Cards** para sa iyong Monkey Credits, ngunit maaari ka lamang kumuha ng **card sa ibabaw ng kada tumpok sa bawat turn**. Maaaring maubusan ng mga card ang mga tumpok. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng iyong Monkey Credits, ngunit **hindi mo maaaring ipunin ang Monkey Credits** para sa iyong susunod na turn.

Ang Monkey Cards ay may **Credit Side** at **Monkey Side**:




*Halimbawa: Mula sa isang dark green na starting point, nagtayo si Manlalaro 2 ng hagdanan na may 6 na arko at naglagay ng isang dark green na Decoration Brick (hindi ito ang pinakamataas na dark green). Samakatuwid, mayroon siyang 6 Monkey Credits na gagastusin at maaaring pumili upang kumuha ng:*





*Sa simula ng iyong turn, bigyang-pansin ang kulay ng starting point ng iyong hagdanan. Tinutukoy nito kung aling mga Monkey Cards ang maaari mong kunin.*

## 5 KUMUHA NG ONE-TIME DELIVERY

Kunin ang One-time Delivery na ipinapakita sa Credit Side ng Monkey Card(s) na kinuha mo sa turn na ito.



= Kumuha ng isang brick **o** isang arko


= Kumuha ng isang poste




*Bilang kaniyang One-time Delivery, ang Manlalaro 1 ay maaaring kumuha ng 2 building bricks (libreng pagpili ng mga arko at brick) pati na rin ang 1 poste.*

## 6 KUMUHA NG RECURRING DELIVERY

I-flip ang Monkey Card(s) sa **Monkey Side** at ilagay ito sa mga bakanteng espasyo sa iyong Player Board.



May puwang para sa **apat na Monkey Cards** sa iyong Player Board. Kapag mayroon kang higit sa apat na Monkey Cards, dapat mong **ilagay ang bagong Monkey Card(s) sa ibabaw ng mga nauna nang Monkey Cards** sa iyong Player Board.



Kung kukuha ka ng **maraming Monkey Cards sa isang turn**, at puno na ang iyong Player Board, maaari mong ilagay ang mga bagong Monkey Cards na ito sa ibabaw ng ibang Monkey Cards sa Player Board.


Kunin ang iyong Recurring Delivery, gaya ng ipinapakita sa kaliwa ng iyong Player Board AT sa lahat ng naka paibabaw na Monkey Cards sa iyong Player Board.



*Bilang kaniyang Recurring Delivery, maaaring kumuha ang Manlalaro 1 ng 5 arko at 4 na bricks.*

## 7 KUMUHA NG MGA BONUS CARDS


Sa iyong turn, kung may bahagi ng iyong hagdanan na **may taas na hindi bababa sa limang bricks**, maaari kang kumuha ng Bonus Card. Tandaan na ang isang poste ay katumbas ng tatlong bricks AT ang mga arko ay hindi maaaring isama sa bilang:



*Mga halimbawa*



Ang Bonus Card ay nagbibigay sa iyo ng **4 na Banana Points**. Maaari ka lamang kumuha ng **1 Bonus Card kada turn**. Ilagay ang iyong Bonus Card sa tabi ng iyong Player Board para makita ito ng lahat ng manlalaro.



## 8 KUMUHA NG TROPHY CARDS

Ang Trophy Cards, at ang Monkey, ang Butterfly at ang Frog ay mga elementong nauugnay sa iba't ibang aksyon ng manlalaro. Ang mga Trophy Cards ay maaaring magpalipat-lipat mula sa isang manlalaro patungo sa isa pang manlalaro, at ang manlalarong hawak ang partikular na Trophy Card sa dulo ng laro ay makakakuha o mababawasan ng Banana Points.

Ang Butterfly at ang Frog ay opsyonal, at inirerekomenda namin ang paglalaro ng ilang beses bago isama ang mga ito.

### Ang Monkey

Kung nakapaglagay ka ng **gintong Decoration Brick** sa iyong turn, kailangan mong ilagay ang Monkey sa isang open end knob ng isang arko **sa anumang hagdanan** upang harangan ang iyong mga kalaban sa pagtatayo roon. Kunin **ang Monkey Trophy Card** na nagkakahalaga ng 2 Banana Points mula sa gitna ng mesa o mula sa manlalarong kasalukuyang may hawak nito. Ilagay ang card sa tabi ng iyong Player Board.



*Mga posibleng paglalagyan ng Monkey*

### Ang Butterfly (opsyonal)

Kung nakapaglagay ka ng **pinakamataas na Decoration Brick ng anumang kulay** (walang tabla), kailangan mong ilagay ang Butterfly sa ibabaw ng Decoration Brick na iyon. Kunin **ang Butterfly Trophy Card** na nagkakahalaga ng 2 Banana Points mula sa gitna ng mesa o mula sa manlalarong kasalukuyang may hawak nito. Ilagay ang card sa tabi ng iyong Player Board.



*Paglalagyan ng Butterfly*

### Ang Frog (opsyonal)

Sa iyong turn, maaari mong kunin **ang Frog Trophy Card** na nagpapahintulot sa iyong agad na kumuha ng karagdagang poste mula sa Brick Tray. Kapag **kinuha** mo ang Frog Trophy Card, maaari mong kunin ang dagdag na poste. Ang Frog Trophy Card ay nagkakahalaga ng **-3** Banana Points.

Kunin ang Frog Trophy Card, ilagay ito sa tabi ng iyong Player Board at ilagay ang Frog sa **pinakamababang open end knob** sa hagdanang kakagawa mo lang.



*Paglalagyan ng Frog*

# WAKAS ANG LARO

Nati-trigger ang endgame kapag **walang sapat na building bricks ng isang uri** para sa isang player sa pagtatapos ng kanilang turn. Gayunpaman, nagpapatuloy ang paglalaro hanggang sa matapos ang buong round, kaya lahat ng mga manlalaro ay may pantay na bilang ng mga turns.

Kapag nakumpleto na ang huling round, **babaliktarin** ng bawat manlalaro **ang lahat ng Monkey Cards** sa kanilang Player Board at bibilangin ang kanilang Banana Points sa Monkey Cards pati na rin sa Bonus Cards at Trophy Cards (Monkey, Butterfly, Frog).

Ang magwawagi ay may **pinakamaraming Banana Points**!

**Kung sakaling may tabla,** ang magwawagi ay ang manlalarong may Monkey Trophy Card. Kung wala sa mga magkatablang manlalaro ang Monkey Trophy Card, ang mga magkatabla ay maghahati sa tagumpay.



**MAG-ENJOY SA PAGLALARO!**



Konsepto ng laro nila David Gordon & TAM. Ilustrasyon nila AMEET at Matthieu MARTIN.
Pagsasalin nila Duane Lemuel Galang at Kat Omaña. Pamamatnugot nila Ella Bugayong at Hans Kenner Fernandez.
LEGO, the LEGO logo, the Minifigure and the Brick and Knob configurations are trademarks and/or copyrights of the LEGO Group. ©2024 The LEGO Group.